

Sino ang dapat magpabakuna ng Covid 19 Vaccine?

Kahit sinong 12 taong gulang pataas ay dapat tumanggap ng bakuna. Ang mga nasa edad 12-17 taong-gulang ay maaari lamang sa Pfizer Covid Vaccine. Ito ang pinakamainam na proteksyon para sa iyo at inyong pamilya.

Mabisa ba ang bakunang ito?

Ito ay nagbibigay ng mahusay na proteksyon. Kumpara sa taunang flu vaccine, ito ay dobleng epektibo.

Ito ba ay ligtas?

Oo, ito ay ligtas. Mahigit 390 milyong doses na ang naibigay sa Estados Unidos (United States) at ang masamang epekto nito ay napakabihira lamang. Ang benepisyong hatid ng bakuna ay higit kaysa sa potensyal na panganib.

Ito ba ay magbibigay sa akin ng sakit?

Matapos ang pangalawang dose, maaaring makaramdam ng mga sintomas, kagaya sa flu vaccine (pamamaga ng braso, sakit ng kasu-kasuan, sakit ng ulo, pagka-pagod) sa loob ng mga ilang araw. Ito ay mga epektong inaasahan, at palatandaan na ang inyong immune system ay nagtrabaho.

Paano naman ang mga bagong reaksyon maaaring maramdaman, sino ang dapat umiwas sa pagpapa-bakuna?

Kung ikaw ay may allergic na reaksyon sa polyethylene glycol (Miralax), hindi ka dapat tumanggap ng COVID vaccine.

Kung ikaw ay nagkaroon ng allergic na reaksyon (pantal, pagka-hingal) sa unang turok ng COVID vaccine, ipaalam mo sa provider bago ka magpa-turok ng pangalawa.

Paano kung ako ay buntis o may mahinang immune system?

Maaari kang magpa-bakuna. Ipaalam mo sa iyong doktor at pakinggan ang kanyang payo tungkol sa iyong mga katanungan.

Magkano ang bakuna at saan ako makakakuha?

Ang bakuna sa ngayon ay libre. Ang Alameda County ay nakikipagtulungan sa ating pamahalalaan (estado ng California) at mga local na klinika tulad ng AHS, at mga local na botika upang magbigay ng bakuna sa ating komunidad. Upang malaman ang mga klinika sa bakuna na malapit sa iyo, bisitahin ang myturn.ca.gov.

Nagbibigay ba ng proteksyon ang bakuna laban sa bagong strains ng COVID-19?

Sang-ayon sa CDC, ang bagong “authorized vaccines” ay nagbibigay ng malakas na proteksyon laban sa bagong uri ng COVID-19 virus, kasama na ang Delta variant.

Sino ang maaaring magpa booster shot?

Ang mga tumanggap ng pangalawang dose ng Pfizer Vaccine ng 6 buwan na at pataas, at napapaloob sa mga sumusunod:

- 65 taong gulang at pataas
- Residente ng “long term care facility”
- Mga Indibidwal (18-64 taong gulang) na nasa ilalim ng mga kondisyong medikal **
- Mga Indibidwal (18-64 taong gulang) na may mataas na panganib na malantad at mahawaan ng COVID-19 sanhi ng trabaho o mga nasa institusyon**
- Mga Indibidwal na may kapansanan
- Iba pang mga lahi at mga etnikong pangkat ng minorya

Mga Nasa Ilalim ng Kondisyong Medikal	Mga Trabaho o Nasa Institusyon
<ul style="list-style-type: none"> Kanser Talamak na sakit sa bato Talamak na sakit sa baga, kasama ang COPD (Chronic obstructive pulmonary disease), asthma (katamtaman o malala), interstisyal na sakit sa baga, cystic fibrosis, at pulmonaryang haypertensyon Demensya o iba pang nyurolohikal na kondisyon Diabetes (type 1 or type 2) Down syndrome Mga Kondisyon sa Puso (gaya ng pag palya ng puso, coronary artery disease, cardiomyopathies or haypertensyon) HIV infection Immunocompromised state (mahinang immune system) Sakit sa Atay Overweight at obesity Buntis Sickle cell disease o thalassemia Paninigarilyo, kasalukuyan o dati na 	<ul style="list-style-type: none"> First responders (manggagawang pang-medikal, bumbero, pulis, empleyado ng congregate care) Empleyadong pang-edukasyon (mga guro, suportang maggagawa, manggagawang pang-daycare) Manggagawang pang-agrikultura at mga pagkain Manggagawang pang- manupaktyur Manggagawang pang-koreksyunal Manggagawa sa U.S. Postal Service Manggagawang pang-transportasyon Manggagawa sa mga groseri at mga tindahan

Solid organ or blood stem cell transplant Stroke o serebrobaskyular na sakit, na nakakaapekto sa daloy ng dugo sa utak Mga gumagamit ng substansyang pang-abuso	
---	--

Kung ako ay tumanggap ng Moderna o J&J, maaari ba akong kumuha ng Pfizer booster?

Sang-ayon sa rekomendasyon ng CDC, ang mga indibidwal ay nararapat na kumuha ng COVID-19 booster sa parehong kumpanya kung saan nila inisyal na nakuha ang kanilang bakuna. Ang mga tumanggap ng Moderna o J&J ay kailangang maghintay para sa mga patnubay at mga rekomendasyon mula CDC at FDA.